# MGA MADALAS ITANONG UKOL SA CHILD LABOR

## Ano ang child labor?

**Ayon sa Republic Act No. 9231, ang child labor ay anumang uri ng trabaho o economic activity na ginagawa ng isang bata na mapanganib o nakasasama sa kaniyang kalusugan, kaligtasan, at pisikal, mental, at sikolohikal na pag-unlad. Mahigpit na ipinagbabawal ng batas ang child labor lalo na ang mga pinakamalalang uri nito.**

## Ano-ano ang pinakamalalang uri ng child labor?

- Lahat ng uri ng slavery o pang-aalipin alinsunod sa *"Anti-Trafficking in Persons Act of 2003"*, o mga gawaing katulad ng pagbebenta sa mga bata, paggamit bilang pambayad-utang, sapilitang pagtatrabaho, at pagre-recruit upang maging bahagi ng armadong tunggalian
- Paggamit, pagkuha, o pag-aalok ng mga bata sa prostitusyon o pornograpiya
- Paggamit ng mga bata sa mga ilegal na gawain tulad ng paggawa at pagbebenta ng mga ipinagbabawal na gamot
- Anumang uri ng trabaho na mapanganib sa kalusugan, kaligtasan, o moralidad ng mga bata

## Maaari bang magtrabaho ang isang bata?

Oo. Ang minimum employable age sa Pilipinas ay 15. Ang mga batang may edad 15 hanggang 18 ay maaaring magtrabaho ngunit ito ay hindi dapat hihigit sa 8 na oras sa isang araw at 40 oras sa isang linggo. Bawal din silang magtrabaho sa pagitan ng ika-10 ng gabi at ika-6 ng umaga ng sumunod na araw.

Hindi maaaring magtrabaho ang isang batang wala pang 15 taong gulang, maliban na lamang kung siya ay:

- nagtatrabaho sa ilalim ng kaniyang magulang o tagapag-alaga kung saan tanging miyembro ng pamilya ang kasamang nagtatrabaho; o
- nagtatrabaho sa public entertainment or information tulad ng telebisyon, pelikula, at patalastas.

Dapat siguruhin na ang trabaho ay hindi mapanganib sa buhay, kalusugan, at kaligtasan ng bata, siya ay nakapag-aaral, at mayroon siyang work permit mula sa Department of Labor and Employment. Ang kaniyang trabaho ay hindi rin dapat hihigit sa 4 na oras sa isang araw at 20 oras sa isang linggo, at hindi gagawin sa pagitan ng ika-8 ng gabi hanggang ika-6 ng umaga ng sumunod na araw.

Ang isang bata, anuman ang kaniyang edad, ay hindi maaaring pumasok sa pinakamalalang uri ng trabaho o maging modelo sa patalastas ng mga nakalalasing na inumin, tabako, sugal, at pornograpiya.

## Ano ang pagkakaiba ng child work at child labor?

### Child work

mga gawain ng isang bata na legal o pinapayagan ng batas, naaangkop sa kaniyang edad at kakayanan, hindi nakasasagabal sa kaniyang pag-aaral at pagpapahinga, at hindi mapanganib sa kaniyang kaligtasan at kalusugan

### Child labor

pagtatrabaho ng isang bata na ilegal o ipinagbabawal ng batas, mabigat para sa kaniyang edad at kakayanan, ginagawa nang mahabang oras na labag sa itinakda ng batas, nakahahadlang sa kaniyang pag-aaral at mapanganib para sa kaniyang kaligtasan o kalusugan

Upang mas madaling matandaan ang pagkakaiba ng child work at child labor, tandaan ang **ABKDE**:

**A** yon sa:
**B** igat ng trabaho ng bata
**K** arapatan ng bata na naisasantabi dahil sa trabaho
**D** alas o haba ng panahong ginugugol sa trabaho
**E** dad o kaangkupan ng trabaho sa edad ng bata

DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
NATIONAL COUNCIL AGAINST CHILD LABOR PHILIPPINES
BATANG MALAYA
BAGONG PILIPINAS

#BatangMalaya #ChildLaborFreePhilippines
@batangmalayaph www.batangmalaya.ph DOLE Hotline 1349

# MGA MADALAS ITANONG UKOL SA CHILD LABOR

## Ano-ano ang inisyatiba ng bansa sa pagsugpo sa child labor?

### Philippine Program Against Child Labor

Ang Philippine Program Against Child Labor (PPACL) ay ang programa ng ating bansa laban sa child labor na may vision na child labor-free Philippines.

Ang mission naman nito ay mapabuti ang pamumuhay ng child laborers at kanilang mga pamilya sa tulong ng mga inisyatiba at mga programa na makatutulong sa kanila na makaangat mula sa kahirapan – ang pangunahing dahilan sa Pilipinas kung bakit ang mga bata ay pumapasok sa child labor.

### National Council Against Child Labor

Ang National Council Against Child Labor (NCACL) na nabuo sa pamamagitan ng Executive Order No. 92, Series of 2019 ang nangunguna sa implementasyon ng Philippine Program Against Child Labor.

Ang NCACL ay binubuo ng 19 na ahensya ng pamahalaan sa pangunguna ng Kalihim ng Department of Labor and Employment bilang Chairperson at Kalihim ng Department of Social Welfare and Development bilang Co-Chairperson, at tig-dalawang kinatawan mula sa workers sector, employers sector, and non-government organizations na may mga programa sa child labor.

### DOLE Child Labor Prevention and Elimination Program

Bilang kontribusyon sa PPACL, ipinapatupad ng DOLE ang Child Labor Prevention and Elimination Program na naglalayong mapigilan ang mga bata na pumasok sa child labor at maialis sila mula sa child labor. Ilan sa mga estratehiya nito ay profiling ng child laborers, pagbibigay ng iba't ibang serbisyo para sa profiled child laborers at kanilang pamilya, pagpapatupad ng mga batas laban sa child labor, at pagsasagawa ng mga gawaing pang-adbokasiya.

### #BatangMalaya Campaign


#BatangMalaya ang official campaign para sa lahat ng inisyatiba at gawain ng National Council Against Child Labor at mga katuwang nito tungo sa isang child labor-free Philippines na inaasam sa ilalim ng Philippine Program Against Child Labor.

Layunin nito na mapaigting ang mga inisyatiba sa pagsugpo sa child labor at adbokasiya upang ang bawat bata ay malayang maging bata – ***malayang maglaro, makapag-aral, maging ligtas at malusog, at malaya mula sa mapang-abusong trabaho***.

## Saan at kanino maaring makipag-ugnayan para sa iba pang impormasyon ukol sa child labor?

Bisitahin ang Batang Malaya Child Labor Knowledge Sharing System (CLKSS) website sa **https://batangmalaya.ph** para sa mga kaalaman at impormasyon tungkol sa pambansa at pangdaigdig na sitwasyon ng child labor, mga patakaran at batas na may kinalaman sa child labor, mga infographics, pananaliksik, ulat, at impormasyon ukol sa iba't ibang programa at serbiyo sa pagsugpo sa child labor ng pamahalaan at mga katuwang nitong organisasyon. Maaari ding ipagbigay-alam ang mga insidente ng child labor gamit ang CLKSS website reporting module.

Maaari ding bisitahin ang Batang Malaya social media accounts sa Facebook, Instagram, Twitter/X, at YouTube sa **@batangmalayaph**, tumawag sa **DOLE Hotline 1349**, o sumangguni sa mga **opisina ng Department of Labor and Employment**.




Batang Malaya CLKSS Website

DOLE Offices Directory